

# Prologue

*T*hen...  
“So paano?” baling sa kanya ni Melody bago ito lumulan sa jeep na inarkila nito para magamit sa paglilipat. “Kitakits na lang?”

Brian smiled. He had a lot of things to say but at this moment, separation anxiety rendered him at a loss for words. At nahihirapan na rin siyang pigilan ang pag-iinit ng mga mata at pamumuo ng kung anong bara sa kanyang lalamunan.

Dahil sa sitwasyon ng mga pamilyang pinanggalingan nila, kinailangan nilang tumira sa iisang bahay sa loob ng dalawang taon. Hindi nila gaanong kilala ang isa't isa noon pero wala silang pagpipilian kundi magdamayan. Sila lang

kasi ang magkakilala sa parteng iyon ng Pilipinas at labindalawang oras na biyahe sa bus ang layo nila mula sa mga kaanak. Ang dami nilang pinagdaanan—sangkatutak na promisory notes, noodles na ni hindi nila magawang partneran ng nilagang itlog, hanggang sa sachets ng shampoo para makatipid. And through the years, as they became closer, hindi niya naiwasang mahalín si Melody nang higit pa sa pagiging isang kaibigan.

But their friendship was too important for him. Ayaw niyang mamantsahan iyon ng kung anumang nararamdaman niya. So he decided not to confess.

Until today.

Natanggap si Melody sa isang maliit na kompanya at hihinto na ito sa pag-aaral para mas makatulong sa mga magulang sa probinsya. Masyadong malayo ang papasukan nito mula sa tinitirhan nila kaya kinailangan nitong lumipat na ng bahay... at iwan siya.

It was practical. And it's the right thing to do. Ewan kung bakít nahihirapan si Brian na tanggapin iyon.

Tumawa si Melody nang matitigan siya. “Huy,” anito, “isang oras na biyahe lang ang magiging pagitan natin, ’wag ka ngang madrama.”

Umiling lang ang binata. Gusto niyang umamin

na, tatal heto na't maghihiwalay na sila. Pero hindi niya magawa.

Ibinuka niya ang bibig pero ibang mga salita ang lumabas doon. "T-tawagan mo 'ko pag nand'un ka na sa bago mong bahay. Ingat ka sa biyahe."

"O sige, 'alis na ako. Mag-lock kang maige ah." Tumalikod na ang dalaga at nakailang hakbang na palayo nang parang sinapiyan siya ng kung anong ispiritu ng katapangan.

Tatal huli na ito. Saka wala naman siyang inaasahan mula sa kaibigan, gusto lang niyang sabihin ang nasa loob niya.

Tumakbo si Brian hanggang sa makarating siya sa harapan nito. "Sandali lang," hinihinal na aniya, inabot pa ang mga braso ni Melody.

"Ano? May nalimutan kang sabihin?"

Pinagmasdan niya ang mukha ng babae. Maganda pa rin ang makinis na mukha kahit medyo nakakakunot-noo dahil sa pagtataka at paghihintay sa sasabihin niya.

Huminga siya nang malalim. Eto na. It was now or never. Ngumiti siya kahit awkward at abut-abot ang kanyang kaba.

"Mahal kita," buong tapat na bigkas niya habang nakatitig sa mga mata ng dalaga.

Hayun. Nasabi niya na. Bahala na.

# CHAPTER *One*

*N*ow... Inayos ni Melody ang pagkaka-recline ng kanyang upuan saka nagtalukbong ng baon niyang shawl at pumikit. Alam niyang hindi siya makakatulog kahit pa sobrang haba ng magiging biyahe, pero iyon mismo ang dahilan kaya niya piniling mag-bus pauwi sa probinsya kaysa mag-eroplano. Balak niya kasing mag-isip habang nagbibiyahe. Isa pa, mahal ang pamasaha sa eroplano at ngayon higit kailanman niya kailangang magtipid.

Pumikit si Melody at ninamnam ang malulungkot na lyrics ng awitin mula sa earphones niya. Bagong awitin iyon at ngayon niya lang narinig. Hindi rin

niya alam kung sino ang singer. Dahil puno din ng emosyon ang boses ng kumakanta, lalong parang tinusok ang puso niya.

Bumuntong-hininga siya. She had always loved music, especially songs that explain exactly how she feels. Gusto niya ring inaalam ang mga kuwento sa likod ng mga awitin. Music had always been a refuge for her, a safe escape. At kaya yata siya kailangang parating nakikinig sa musika ay dahil marami siyang kailangang takasan sa buhay niya.

Besides, for some reason, the lyrics of this particular song reminded her of someone special from her past.

*Go on, find your happiness*

*But I'll stay here 'cause I still long for you*

Hindi niya masabi kung naka-relate ba siya, pero nakisimpatya siya sa singer. Pain. Longing. Emptiness. Regret. Naroon lahat iyon sa bawat nota at liriko ng kanta. Dumagdag pa sa malungkot na mood na maulan sa labas ng bus.

Nasaan na kaya ang taong iyon? Naalala kaya siya nito kahit minsan?

Parang pinukpok ang puso ni Melody. Naramdaman niyang nag-iinit ang kanyang mga mata dahil sa isang alaala.

*“Mahal kita,” sabi nito sa kanya nang papunta na*

*siya sa jeep na maghahatid sa kanya at sa mga gamit niya papunta sa magiging bago niyang inuupahang bahay.*

*Hindi niya alam kung magkikita pa sila, pero siguradong magiging mas madalang na iyon.*

*Nagulat siya at hindi agad nakapagsalita. Pero natauhan din naman at saka nagbiro, “Sira ka ah, pinagtitripan mo ba ako? Sige, balik ka na lang kapag mayaman ka na.”*

*Tumawa siya pero nanatiling walang ngiti si Brian.*

*“Seryoso ako. Mahal kita. Hindi bilang kaibigan. Mahal kita, Melody.”*

*Muli siyang natigilan. Kita niya sa mga mata ng lalaki na hindi nga iyon biro. Kilala niya ito; alam niya na kung kailan ito seryoso.*

*Malakas ang kabog ng dibdib niya, naninikip ang lalamunan. Huminga siya nang malalim at binuksan ang bibig. “Ah—”*

*“Basted ako, alam ko. Hindi ako ’yung lalaking kailangan mo. Gusto mo ng boyfriend na mayaman, at ni wala nga akong matinong trabaho. Hindi naman ako umaasa. Sinabi ko lang para...” Nagkibit ito ng balikat sabay ngiti. Pero muli, alam niyang maskara lang iyon, “...para nasabi ko na. Sige, ingat kayo ni Mang Boy sa biyahe.” Tumalikod na ito at itinaas ang*

*kamay saka ikinaway bilang pamamaalam.*

*Nag-init ang kanyang mga mata. Mabigat ang puso ni Melody habang pinapanood itong lumakad palayo.*

She was sure she had broken his heart. At iyong kaalaman na nasaktan niya ito, dala niya ang guilt na iyon hanggang ngayon. Kaya rin niya ito iniwasan sa loob ng maraming taon. Nahihiya siya dahil sinaktan niya ang best friend niya. At karma niya yata sa pananakit dito ang lahat ng nararanasan niyang hirap ngayon.

Nagbuntong-hininga siya ulit.

Hindi yata magandang ideya ang pakikinig ng music. Hindi iyon ang dapat niyang pagtuunan ng isip. Minabuti niyang alisin na ang earphones at mag-isip na lang tungkol sa problemang kanyang kinakaharap at nangangailangan ng immediate na solusyon.

Alas ocho na ng gabi at may humigit-kumulang labindalawang oras siya ngayon para makapag-isip ng irarason sa mga magulang, bago makarating ang bus na sinasakyan sa bayan nila sa San Felipe.

Bumuntong-hininga si Melody. Kinailangan talagang pasikreto ang luwas niya dahil ayaw niyang may makaalam niyon. Baka kasi mabanggit pa kay Errol at masundan pa siya ng buwisit.

Hindi siya nakatapos ng college dahil noong nasa second year na siya, na-stroke ang tatay niya at hindi na kinayang magsaka. Dahil pareho nang may asawa ang mga kuya niya, automatic na siya na ang breadwinner, at hindi kakasya sa kanila ang stipend na tinatanggap niya mula sa pagiging scholar, nagdesisyon siyang huminto at maghanap na lang ng trabaho. Napasok naman siya agad bilang accounting assistant sa isang maliit na kompanya na gumagawa ng mga plasticwares. Pero napagselosan siya ng kanyang babaeng amo at pinag-initan siya kaya nag-resign din siya agad. Dahil hindi nga siya graduate, kung anu-anong trabaho ang pinasok niya. Iyong pinaka-okay na iyong huli—bookkeeper sa isang maliit na papermill. Nag-ipon siya dahil balak niya sanang mag-abroad na lang. Kaso nadale siya ng illegal recruiter, dala ang lahat ng ipon niya sa loob ng ilang taon.

Pero hindi pa pala tapos ang hirap ni Melody dahil nito lang, na-diagnose na may diabetes ang nanay niya. Mahal ang maintenance medication at wala na siyang ibang option kundi mamili na lang ng mayamang mapapangasawa.

Ang kaso palpak ang napili niya, at ngayon, minabuti na niyang i-break ang engagement at takasan ang dating fiancé.



Noong una ay nagdalawang-isip pa si Melody. May sariling kompanya ang pamilya ni Errol at malaking tulong talaga sa pamilya niyang naghihikahos pa rin sa probinsya kung ito ang mapapangasawa niya. Ito ang pinakamayaman sa lahat ng mga nanligaw sa kanya.

Pero na-realize niya rin kung gaano kamali ang rasong iyon. Oo, buong buhay na yata niya na mahirap sila at ayaw na talaga niyang bumalik sa pagdidildil ng instant noodles at itlog, pero hindi pa rin maganda na pakakasalan niya lang si Errol dahil sa pera nito.

Parang may kumirod sa puso niya nang may maalala. May isa pang rason kaya bigla niyang itinapon ang pagiging praktikal, at mas pinangunahan ng pagiging sentimental... pero ayaw niyang isipin sa ngayon. Hindi iyon ang problemang nangangailangan ng immediate na solusyon.

Naramdaman niyang may tumabi na sa upuan niya sa bus. Umusod siya para mas mapadikit sa dingding ng bus at magkaespasyo ng kaunti pa sa katabi niya. Pagkatapos, itinuloy niya ang pag-iisip ng idadahilan sa mga magulang sa pagre-resign niya sa trabaho at pagdedesisyong doon na lang sa San Felipe manatili.

Mayamaya, naringgan ni Melody na hinihimig

ng katabi ang pinakapaborito niyang kanta. At parang pamilyar din ang boses nito. Kumabog nang malakas ang dibdib niya.

Napakalaking coincidence kung magkataon pero ang lakas ang kutob niya na tama ang hinala niya.



Balot na balot ang katabi niya, napansin ni Brian pagkapuwesto sa seat na nasa ticket niya. Mukhang ang bilis nitong nakatulog, nainggit tuloy siya.

Noong college siya at sabay na nagtatrabaho ng dalawa hanggang tatlong sideline jobs, masandal lang siya, tulog na siya. Pero ngayon, medyo hirap na siyang gawin iyon. Masuwerte na kung makatulog siya nang apat na oras isang gabi.

Kagagaling lang niya sa isang meeting sa isang malaking movie producer para sa project kung saan siya ang napili para gumawa ng soundtrack ng isang malaking pelikula. Pero imbis na sa Maynila na magpalipas ng gabi at mag-eroplano kinabukasan gaya ng madalas niyang gawin, minabuti niyang mag-bus ngayong gabi. Wala lang, gusto niya lang. Iniisip lang ni Brian na baka makakuha siya ng inspiration kapag ginawa niya ang ganito, lalo pa't pagbibiyahe ang isa sa mga tema ng pelikulang gagawan niya ng kanta.

Inilabas niya ang phone mula sa bulsa, nagsuot ng earphones at in-on ang music app, namili ng kanta saka ibinulsa ulit ang telepono at pumikit. Lumang awitin ng isang di sikat na soloista ang pinakinggan niya. May sampung taon na yata mula noong i-release ang album na iyon at hindi talaga sumikat pero gustung-gusto niya. Iyong mga kanta lang ng mang-aawit na ito ang nakakapagpa-relax sa kanya nang ganito.

Nakakalungkot pero totoo. He couldn't simply enjoy music the way other people do. Dahil musician din siya, madalas nagtatrabaho ang utak niya kapag may naririnig siyang kanta. Nagsisimula na itong mag-analyze sa technicalities bago pa niya mapigilan.

But this particular artist's song had a different effect on him. Isa sa mga rason kaya paborito niya ito. Pero may isa pang dahilan. Something deeper and more sentimental.

He sighed. Muli, gaya noon kapag naalala niya ang taong iyon, parang may pumiga sa puso ni Brian at naging mas aware siya sa tila kahungkagan doon.

He did not become a singer like he originally dreamed of, but he could be considered successful. Medyo. Relatively. Sikat ang mga kantang na-compose niya at medyo matunog na ang pangalan

niya sa local music industry, earning him an unofficial title of being the most promising songwriter today. May bahay na siyang sarili, dalawa pa nga. Okay na rin ang buhay ng kanyang pamilya, di gaya noong nasa college pa lang siya, lalo pa dahil isa na lang ngayon ang nag-aaral sa mga kapatid niya.

Pero hindi niya alam kung bakit parang hindi pa siya lubusang masaya. Like he was longing for something—baka someone?—in his life.

Dapat yata, gaya ng sinabi ng mga kapamilya at kaibigan niya, maghanap na siya ng magiging nobya. Ang kaso, wala pa siyang nakikilalang babae na gusto niyang maging girlfriend. Hindi niya rin alam kung bakit. Beinte-seis na siya ilang buwan mula ngayon pero walang-wala pa sa isip niya ang paglagay sa tahimik.

He had been in three relationships before, and a lot of flings. Pero sobrang ‘passing fancy’ lang ng mga iyon dahil kapag may nakita siyang isang bagay na di niya gusto sa babae, nawawala na rin agad iyong fascination niya rito.

Ewan. Baka nga siya rin ang may diperensya.

Parang nananadya, sumakto pa na tungkol sa pagka-miss sa isang tao iyong kantang tumugtog sa earphones niya. Wala sa loob na sinabayan niya iyon ng mahinang pagkanta.

He felt the familiar constriction in his throat, but like what he'd usually do, he just let himself wallow in the sad emotion. Ang maganda lang, napagkakitaan niya ang lungkot niya. Ilang national heartbreak anthems na ba ang nagawa niya? May lima na yata.

Bakit ba name-miss pa rin niya ang taong iyon?

Siguro dahil ito iyong taong naging pinakamalapit sa kanya.

Siguro dahil marami silang pinagdaanan.

Siguro dahil ito ang kasama niya noong pinakamahihirap pero pinakamasasaya ring parte ng buhay niya.

Siguro dahil... Nasasaktan pa ba siya?

Bumuntong-hininga si Brian. Hindi na healthy itong "obsession" niya, alam niya. It had been seven years, ang loser lang kung di pa rin siya maka-move on. Dapat talaga maghanap na siya ng babaeng seseryosohin simula bukas pagkarating niya sa bahay nila. I-date niya na kaya si Maila, iyong anak ng mayor nila at matagal nang may gusto sa kanya?

Naputol ang iniisip niya nang maramdamang gumalaw ang kanyang katabi. Mayamaya, bigla siya nitong hinampas sa balikat. Litong napalingon siya. Mang-aaway na sana si Brian kasi ang bigat ng kamay na tumama sa kanya pero napipi siya nang mapagmasdan ito.

“Melody?” gulat na bigkas niya.

Namimilog ang mga mata nito at nakabukas ang bibig. Mukhang biglang-bigla rin.

Ang pagkakataon nga naman. Iniisip niya lang ito kanina, ngayon heto na ang dalaga.



*Nine years ago...*

*Tiningnan ni Brian ang babae. Basta lang nakataas ang buhok, wala man lang kahit pulbo sa mukha, triple ng totoong size nito ang suot na t-shirt at shorts. Mabilog ang maliit na mukha, medyo singkit ang mga mata. Cute ang ilong at makipot ang bibig. Puwedeng pang-shampoo commercial ang buhok.*

*Eighteen na ang dalaga at mas matanda sa kanya nang dalawang taon kahit sabay sila ngayong mag-uunang taon sa college, pero mukha itong mas bata pa sa kanya.*

*“Sigurado ka bang okay lang sa ‘yo?” tanong niya. “Kasi kung...”*

*“Oo naman.” Ngumiti si Melody Amante pero halata pa rin ang pagkailang sa kanya.*

*It was understandable, really. Hindi naman kasi sila magkakilala, nagkataon lang na magkapareho sila ng bayan sa probinsya, pareho ng unibersidad na pinapasukan, at parehong galing sa mahihirap*

*na pamilya.*

*“Wala naman tayong ibang choice. Ito ang pinakamura sa lahat ng boarding house at paupahang bahay na malapit sa school. May kuwarto pa. Saka nagwo-work ka pa sa gabi. Sigurado, matutulog ka lang naman dito.” Natigilan ang babae at napaisip. “Wait, dapat yata 30/70 ang hatian natin sa renta, kasi wala ka naman parati. Tapos, sa akin mo pa ipapagamit ’yung kuwarto.”*

*Umiling si Brian. “Okay lang. Ang liit din naman ng kama d’un, di din ako kakasya. Okay na ako dito sa sala. Mas malapad ’tong papag natin, o.” Tinapik niya ang kahoy na papag na siyang sofa nila sa sala. ‘Hard-fa’ ang tawag niya roon, kasi nga hindi iyon ‘soft.’*

*“Sure ka?”*

*Tumango siya. “Bibilhan ko na lang siguro ito ng kutson pag naka-loan ako sa SSS.” Hindi na niya sinabi na matagal-tagal pa iyon dahil galing ding loan ang ibinayad niyang advance sa landlady nila.*

*Ngumiti ito—mas matamis at mas mabait na sa pagkakataong iyon. And then he knew that he had made the absolute best decision.*

## CHAPTER *Two*

“*A* no’ng ginagawa mo rito?” untag ni Melody sa tono na para bang nambibintang.

Natawa si Brian. Ang galing naman ng pagkakataon. Pitong taon na niya itong hinuhunting dahil hindi na niya makontak ang numero nito mula noong iniwan nito ang bahay na inupahan nila. Akalain ba niyang makakasabay niya pa ito ngayon sa mahabang biyahe pauwi sa kanilang probinsya?

Sinarado niya ang music app sa phone bago inalis ang earphones. “Pauwi-uwi talaga ako parati sa atin, pero ngayon ko lang sinubukang mag-bus. Ikaw, ba’t di ka nag-eroplano?”

Umirap muna ito bago pabalang na sumagot.



“Mas gusto kong bus, eh. Bakit naman sa dinamidami ng bus, dito ka pa sumakay? At bakit sa tabi ko pa ang upuan mo?”

Nagkibit siya ng balikat. *Suwerte ko, malas mo.*

Mas nagkalaman ito kaysa dati na para itong tingting sa payat. She was sexy to be completely blunt about it. Mas maayos na ding manamit. On the simple side pa rin pero at least hindi na puro baggy. Ang buhok nitong mahaba na siya pa ang taga-trim noon, ay maiksi na ngayon. Medyo nalungkot tuloy siya. She had the same angelic face, but somehow, there was something different about her. May kung anong nawawala rito na hindi niya pa matukoy kung ano.

Pumalatak ang babae. “Nakakainis naman.” May idinugtong pa ito na pabulong-bulong pero hindi na niya naintindihan.

Imbis na mainis ay natawa si Brian. Na-miss niya si Melody. She was the only one he considered as his best friend. There was simply no one like her in his life. Hinila niya ito at niyakap nang mahigpit sa kabila ng pagpalag nito.

“Andito ka talaga, ang saya naman,” sabi niya lang saka ito binigyan ng halik sa tuktok ng ulo. Understatement iyon pero hindi siya masyadong makapag-isip ng mas magagandang salita so puwede

na iyon sa ngayon.

Sa totoo lang, hindi sila close noong una. Para lang silang mga estranghero na nagse-share sa bahay. Ang tanging paraan para magpakita ng concern ay iyong panatilihin nilang pareho na malinis ang bahay.

Hindi niya rin ito pinag-interesang titigan noon. Mukha itong batang lalaki sa porma nitong malalaking shorts na ni hindi niya nakita ang tuhod nito, at t-shirts na maluluwag. Parati lang ding pabasta ang pagkakataas ng buhok nito. Nakikita niya lang itong medyo nakaayos kapag papasok ito sa school, na dahil nga sa siksik ng sched niya, hindi madalas. On hindsight, malamang sinadya ni Melody na hindi mag-ayos dahil nga may kasama ito sa bahay na ibang tao at lalaki pa. Nag-iingat din ito malamang.

Wala siyang kamali-malisya kay Melody noong una. But things changed without his permission, and when he realized he's in love with her, it was too late already.

“Bakit di ko ma-contact ’yung number mo?” untag niya.

Kahit di gaanong maliwanag sa bus, napansin ni Brian na ang namumula ang mga pisngi ng kaibigan. Nahulaan na niya ang sagot sa sariling tanong.

“Bakit?” usisa niya na lang. “I mean, naintindihan ko naman na basted ako. Hindi naman ako ganoon ka-immature para ipilit ang gusto ko. Hindi mo kailangang taguan ako.”

Lalo itong namula. “Hindi naman kita tinaguan,” mabagal nitong paliwanag, na suspetsa niya ay dahil nag-iisip pa ito ng idadahilan. “Nadukutan kasi ako ng cellphone. Eh di ko naman kabisa number mo so di kita natawagan n’ung nagkaroon na ako ng bagong phone.”

Hindi siya agad sumagot. Gusto niyang magtampo. “S’abi mo din n’un, dadalaw ka.”

Nagkamot ito sa sentido. “Naging busy kasi sa bagong work. Tapos, lumipat uli ako ng bahay. Tapos ’ayun...”

Tumango siya kahit nagkukukot pa rin ang loob. “Eh saan ka na ngayon? Doon ka pa rin nagwo-work sa *Premium Plastics*? Nag-asawa ka na ba?”

Umiling lang ito, pero kita niya sa mukha ng babae na mayroon sana itong gustong sabihin, pinipigilan lang ang sarili. Siguro ito pa rin si Melody na nakilala niya kasi nababasa pa rin niya ang emosyon sa mga mata nito. Pero may mga nagbago na rin dahil parang hindi na siya nito pinagkakatiwalaan ngayon. At nalulungkot siya sa kaisipang iyon.



It felt so good to hear his deep manly voice again. Isa iyon sa mga paborito ni Melody tungkol kay Brian, kasama ng iba pang maliliit na detalye tungkol dito. Lalo tuloy naging apparent sa kanya kung gaano niya ito na-miss.

Close na close sila dati pero seven years ago pa iyon. Ngayon, isa na lang ding estranghero si Brian. Puwede pa rin ba silang bumalik sa dati?

He had always been handsome and he never let anyone forget it. Pero ngayon, mas lalo itong gumuwapo. Mas makinis ang mukha, medyo pumuti nang kaunti, mas defined na ang anggulo ng panga at cheekbones. Standout pa rin ang ilong nitong matangos at mahahabang pilik-mata.

Mas manly ang dating nito ngayon. Lalo pa dahil parang lumapad din ang mga balikat nito't dibdib, tumangkad at mas may ere ng kumpiyansa kumpara noon.

Sa buhok nitong naka-brushed up at suot na long sleeves na tinupi ang manggas hanggang siko, mukha itong sexy and genteel professional. Na-miss niya tuloy iyong sobrang ikisi nitong buhok at iyong pangkalye nitong porma dati.

Ngumiti siya kahit kinukutkot ang kanyang loob.  
“Parang yayamanin ka na ngayon ah,” aniya

imbis na sagutin ang tanong nito. Ang dami nang nangyari mula noong huli silang nagkita. No, she did not think it was still possible to go back to how they used to be. “Marketing executive ka na ba sa malaking kompanya?”

Tumawa ito; same manly laugh that she had loved. “Sadly, no. Ang layo ko sa field ng tinapos kong degree.” Mukhang medyo Inglisero na rin ito ngayon, pero minabuti niyang hindi na iyon punahin at baka ma-conscious pa. “Ako ay isang abang musikero lang ngayon.”

Namilog ang kanyang mga mata. “Singer ka na?”

Tumawa ito. “Wish ko lang. Songwriter.”

“Wow, big shot. Pero bakit di ka rin singer?” usisa ni Melody. He was the most talented person she had ever met. Mas maganda pa nga ang boses nito kaysa sa maraming local singers na narinig na niya. Dapat sumikat ito para mas maraming makarinig ng boses nito.

He just shrugged. “Okay na din. At least nasa music pa din.”

May ilang oras yata silang nagkuwentuhan sa biyahe. Nalaman niya kung sino na ito ngayon. And she was proud of him. Isa siya sa mga taong pinaka nakakaalam ng mga pinagdaanan nitong hirap sa buhay. Sa sipag at bait nito, he really deserved

to succeed. And he was really talented. Lahat ng instrumento ay kaya nitong tugtugin.

Nagkamustahan, nagkuwentuhan, nag-alala sila ng mga pinagsamahan nila dati. Sa labas, patuloy ang malakas na ulan. Ang alam ni Melody, may bagyo sa dadaanan nilang probinsya pero hindi niya iyon alintana sa ngayon.

Isang eksena ang bumalik sa kanyang alaala...

*Kasalukuyang malakas ang boses ni Melody na nagkakabisa para sa Econ 1 nang may kumatok sa pinto ng kanyang kuwarto. Napa-“Ayy kabayo!” siya sa gulat.*

“Sorry,” narinig niyang sabi ni Brian.

*Pinayapa niya muna ang nagwawalang puso bago sumagot, “Okay lang. Bukas ’yang pinto.”*

*Sumilip ang mukha ng housemate niya na may apologetic na ngiti. “Hi. Naistorbo yata kita.”*

*Ngumiti siya kahit medyo awkward ang pakiramdam. “Hindi naman, magugulatin lang talaga ako. Di ko narinig na dumating ka.”*

*“Masyado ka sigurong focused sa inaaral mo. May exam kayo bukas?” usisa nito pagkadako ng mga mata sa notes niya sa kama.*

*“Ah eh, oo. Maingay ba ako? Sorry, naistorbo ko pahinga mo.” Nag-aaral si Brian sa umaga at nagtatrabaho sa hapon hanggang gabi kaya alam*

*niyang importante sa lalaki ang pahinga.*

*Nagkamot ito sa ulo na parang nahihiya. “Ah hindi. Kararating ko lang din.”*

*Lumingon siya sa wallclock at nakitang halos ala una na nang madaling araw.*

*“May konting gig ako sa isang birthday party, pinauwian ako n’ung celebrant ng ibang pagkain. Eh napansin kong bukas pa ’yang ilaw mo. K’ain muna tayo, saluhan mo ako. Hindi ko ito mauubos mag-isa. Sayang naman kung masisira lang.” Wala kasi silang ref para pagtaguan ng mga tirang pagkain. At wala talaga silang natitirang pagkain in the first place.*

*Na-touch si Melody. Ni hindi niya pa ito naalok na kumain sa loob ng halos isang buwan nilang magkasama sa bahay. Kasi naman, bukod sa halos hindi sila nagkikita dahil sa magkaibang schedule, sapat lang (madalas kulang pa nga) para sa kanya ang pagkain niya. Sobrang gipit kasi hindi naman kalakasan ang kita ng tatay niya sa probinsya.*

*Hindi na siya nagpapilit at lumapit sa lalaki. “Thank you.” Kung close lang siguro sila, aaminin niya sa lalaki na hindi pa nga siya nag-dinner. Huling kain niya ay kaninang alas tres noong bigyan siya ng classmate niya ng egg sandwich na baon nito. Pero dahil hindi nga sila close, nahihiya siyang magsabi ng ganoon.*

*Kaso, walang hiya ang tiyan niya at biglang kumulo nang malakas nang makita ang pancit, lumpiang shanghai, barbecue, at dalawang hotdog-on-sticks na nakalagay sa mga styrofoam.*

*Napangiwing napatingin siya kay Brian na tumawa lang. "Tara kain na." Inabot nito sa kanya ang isang plastic na mangkok na galing sa kusina nila kasama ang kutsara at tinidor.*

*Kukuha na sana siya ng pagkain niya pero pinauna niya ang lalaki. "O, sa 'yo na ito," anito sabay abot ng pinggan na may kanin at manok na hindi niya alam kung ano ang luto. Tiningnan niya ito para sana tumanggi. "Sige na."*

*"Salamat." Nag-iinit ang pisngi at mga mata niya pero binalewala na niya ang hiya at kumain na lang.*

*Tahimik siyang kumain sa loob nang ilang sandali. Habang ito naman ay nakaupo lang sa tapat niya sa maliit nilang mesa sa kusina. Medyo awkward ang katahimikan. Lalo pa dahil pinanonood siya nitong kumain.*

*"Sorry, ang lakas kong kumain," aniya nang di makatiis.*

*Tumawa si Brian. "Sa 'yo naman na talaga lahat 'yan. Kumain na ako kanina d'un sa birthday party."*

*"Salamat talaga, ah."*

*Tumango ito, pero seryoso ang expression.*



“Noodles na naman siguro ang hinapunan mo,” sabi nito mayamaya. Tatanungin niya sana kung paano nito nalaman na iyon ang parati niyang kinakain, pero idinugtong na nito, “Nakikita ko ’yung wrapper sa basurahan.” Nahihiyang ngumiti si Melody. “Wag mong araw-arawin, baka magkasakit ka sa bato kung ganoon lagi pagkain mo. Ang payat-payat mo pa naman.”

Yumuko siya. “Iyon kasi ang mura saka madaling lutuin,” nahihiyang amin niya.

“Mayroon din namang mga murang gulay. Ang lapit lang ng palengke.”

“Hindi kasi ako marunong magluto,” amin niya ulit.

“Ah, gan’un ba?” Tumango ito habang nakatingin sa kanya. “Hayaan mo, minsang off ko ta’s wala ka ding pasok, tuturuan kita.”

Ngumiti lang siya nang maliit. Hindi siya masyadong umaasa roon. Bakit naman siya nito pag-aaksayahan ng panahon para turuan? Ang dami nitong trabaho, pagod na ito pag-uwi nito sa bahay.

Isa pa, di sila magkaibigan. Para lang silang dalawang estrangherong kailangang magsama sa isang bahay para makatipid. Nagkataong magkababayan sila pero hindi sila close. Ngayon nga lang sila nag-usap nang ganito katagal.

*“Ano pala’ng gig ’yung nabanggit mo?” naisipan niyang itanong. Ang awkward kasi na sobra silang tahimik. Namimingi na siya.*

*“Tumugtog kami ng mga kaibigan ko d’un sa birthday. May banda kami tapos minsan, nai-invite kami sa mga parties,” walang anumang kuwento nito.*

*“Ah talaga? Anong klaseng banda?”*

*Nagkibit ito ng balikat. “Alternative. Rock. Brit pop. Kung anu-ano, from metal to bossa nova.”*

*Namilog ang mga mata ni Melody. “Wow. Galing naman. Ikaw ba’ng lead vocalist?”*

*“Gitarista.”*

*Medyo alam naman niya iyon dahil parati itong may sukbit na gitara kada aalis ng bahay.*

*Ngumiti ito for the first time sa gabing iyon. “Baka walang kumuha sa amin pag nagbokalista ako.”*

*“Sobra naman. Ang ganda kaya ng boses mo.” Paminsan-minsan kasi ay nariringgan niya si Brian na humihimig.*

*Nagkibit lang uli ito ng balikat. Mayamaya ay naghikab na ang lalaki. “Ubusin mo na ’yan ah. Maghihilamos na ako tapos matutulog na. Maaga klase ko bukas, eh.” Tinapik siya nito sa balikat at tumungo na sa kinapupuwestuhan ng plastic drawers nito para kumuha ng damit at tuwalya.*

*“Salamat ulit,” ani Melody.*

*Kinunotan siya nito ng noo. "Paulit-ulit ka naman." Humakbang na ito pabanyo.*

*Medyo nakukuha na niya na mabait naman si Brian, parang hindi lang talaga approachable at mukhang masungit.*

*Minabuti niyang tapusin na rin ang pagkain. Itinabi niya ang barbecue at hotdogs. Puwede pa iyon bukas. Pero iyong pancit at lumpia ay inubos na niya.*

*Nilinis niyang maigi ang mesa at ang mga pinagkainan saka pumasok ulit sa kuwarto niya. Magre-review siya ulit habang nagpapababa ng kinain.*

"I missed you," biglang sambit ni Brian matapos silang matahimik nang ilang sandali. Iyon ang tumapos sa pagbabalik-tnana niya. Nilingon pa siya nito at tinitigan sa mga mata nang sabihin iyon.

At parang piniga ang kanyang puso. "A-ako din naman."

She did miss him. Missed how she was then when they were still living together. Missed her younger days. Ang hirap din ng buhay nila noon, pero at least iba ang state of mind niya.

They both had nothing then. And when they became friends, she thought life wasn't as f\*cked as it seemed.

She was innocent then, knew how to have fun,

full of dreams. Ngayon, parang sumuko na siya sa lahat.

Bago pa niya mapigilan o iiwas ang mata, tumulo na ang kanyang luha.

“Wha... what? Bakit ka umiiyak? Ano nangyari?” natarantang ani Brian saka siya hinila payakap. Isinubsob niya ang mukha sa dibdib nito.

Naalala tuloy niya noong nasagasaan ang asong bigay nito at namatay. Ganito rin ang hitsura nila noon.

“Bakit ba?” he asked.

Umiling lang si Melody.

Natahimik lang ang dalaga nang yakapin siya ni Brian sa loob nang ilang sandali. Mayamaya, nagtanong ito ulit, “Wala ka pang kinuwento tungkol sa ’yo, ah. Ang daya mo, akala mo di ko napansin na iniiba mo topic pag nagtatanong ako tungkol sa nangyari sa ’yo these past years?”

Umiling lang ulit si Melody.

“Ang daya mo naman. Bakit ganyan? Dati wala naman tayong sikretohan, ah.” She could imagine him pouting.

Gusto niya sanang sabihing pitong taon na ang lumipas mula noon. Iba na siya. Life had turned her into somebody else.

At wala na rin naman siyang planong makipag-

reconnect kay Brian. Baka madamay lang ito sa malas niya sa buhay.

Pumikit lang siya at hinayaang namnamin ang yakap ng binata.

Hindi niya nalamayan na nakatulog pala siya. Naalimpungatan na lang siya nang biglang huminto ang bus na sinasakyan nila. Nagising din si Brian na nakatulugan din pala ang pagyakap sa kanya.

Sumilip siya sa labas ng bus. Sobrang sinsin ng ulan at halos wala siyang makita. At dahil ngayon lang siya uuwi matapos ang pitong taon, hindi na niya kabisa ang mga daan. Wala siyang ideya kung nasaan na sila.

“San Mateo pa lang ito,” sabi ni Brian na nakisilip din pala sa bintana. “Bakit kaya tayo huminto?”

May ilang pasahero na nagising din at nag-uusisaan kung ano ang nangyari.

Mayamaya, nagsalita na ang konduktor ng bus. “Pasensya na po. Nasiraan po tayo, hindi po tayo makakatuloy ng biyahe. Pero tumawag na po kami sa opisina ng kapalit na bus, medyo matatagalan nga lang po dahil sa sama ng panahon. Puwede ninyo pong hintayin ’yung bus na parating, pwede ko rin pong i-refund iyong pamasaha ninyo. Nasa San Mateo na po tayo. May mga inn po sa parteng ito, puwede po kayong doon na lang magpalipas ng

gabi. Pasensya na po sa abala. Tinesting po namin itong sasakyan bago tayo umalis sa Maynila pero bigla pong nagloko ngayon. Hindi pa po namin alam kung ano ang naging sira.”

Nagkaingay sa bus. May mga nagreklamo. Ang hirap nga namang bumaba lalo’t ang lakas ng ulan sa labas. May mga magkakasama na nagdidiskusyon kung ano ang mas magandang gawin.

Tiningnan niya si Brian. Nakatingin din pala ito sa kanya.

“Ano balak natin?” tanong nito.

Gusto sana niyang sabihing bahala ito sa balak nito.

“Eh di matutulog habang naghihintay ng kapalit na bus,” sagot ni Melody. Sakto lang na pamasaha at kaunting pangkain ang pera niya; wala siyang budget para mag-stay sa kung saang inn.

Nag-pout ito habang nag-iisip. “P’ano kung matagal pa bago makarating ’yung bus? Signal number 3 pala dito, hindi malayong matagalan iyon.”

“O-okay lang,” hindi na masyadong siguradong turan niya. Kung kaaalis lang ng Maynila ng nabanggit na bus, baka umaga na makarating iyon sa lugar na ito.

Umiling si Brian. “Kabisa ko ’tong lugar na ito. Marami ritong mumurahing inn. Tara na para

mas makapagpahinga tayo nang maige. Pag tumila nang konti iyong ulan, lakarin na lang natin iyong papunta sa inn.”

He had always known what to do best. Gaya noong magkaroon ng sunog malapit sa tinitirhan nila. Alerto ito, hindi nagpa-panic, malinaw mag-isip. Nagawa nitong tumawag agad ng bumbero habang ang mga kapitbahay nila ay nagtatakbuhan sa mga eskinita at nagmamadaling ilabas sa bahay ang mga importanteng gamit. Nagawa pa nitong tulungan ang isa nilang kapitbahay na bukod sa may kapansanan ay matanda na rin.

He's her champion. Para sa kanya, walang binatbat si *Captain America* o si *Tony Stark* kay Brian. Kaya nga crush ito ng bayan sa lugar nila. Tanga lang ang di makaka-appreciate dito.

Sadly, tanga siya noon. Mas pinili niyang magbulag-bulagan dahil sa mga pangarap niya.

Siguro kung nanatili silang magkaibigan sa nakalipas na pitong taon, baka hindi ganoon kasama ang mga nangyari sa buhay ni Melody. Nakahanap siguro ito ng mga mas mainam na solusyon. Siguro napayuhan siya nito para gumawa ng mas maaayos na desisyon.

Kasalanan niya talaga ang lahat ng ito...

## CHAPTER *Three*

*M*araming bakanteng kuwarto sa inn na napuntahan nila kaya nakahinga si Melody nang maayos. Akala niya kasi, magmamala-cliché romance novel plot sila at kakailanganin nilang mag-stay sa nag-iisang available na hotel room.

Naligo agad siya pagdating sa kuwarto niya. Naulanan kasi siya noong papunta sila roon. Kalalabas niya lang sa banyo nang marinig ang katok sa pinto niya.

Alam niyang si Brian iyon kaya nagsuot pa siya ng bra di gaya ng orihinal na plano niya bago siya matulog.

“Di rin naman ako makakatulog sigurado



kaya dito muna ako makikitambay. Okay lang?” nakangiting bungad ng lalaki. Halatang bagong ligo rin ito at parang nagwala ang puso niya sa kaguwapuhan ng kaibigan. Hindi man niya intensyon, napatagal ang tingin niya sa biceps nitong medyo bumakat sa suot nitong manipis na puting t-shirt. Tapos, lumipat ang mga mata niya sa balikat nito saka bumaba sa malapad na dibdib.

Lumunok si Melody bago sumagot. “Oo naman. Malamang din mamahay ako at di makakatulog. P’asok ka.”

Dumerecho ito ng upo sa stool sa harap ng maliit na dresser sa tabi ng kama. Ibinaba nito sa dresser ang dala nitong tray na may tigdalawang cup noodles na umuusok pa at bote ng beer.

Natawa si Melody. “Mag-iinom ba tayo? Ire-ready ko ’yung camera ko pag nalasing ka.”

He laughed. Mukhang naaalala din nito iyong isang beses na uminom sila sa bahay noong college. Ang totoo, ito lang ang uminom at nakikain lang siya ng pulutan. Nakakatatlong bote pa lang, lasing na ang lalaki. Nag-iiyak ito at kung anu-ano ang sinabi na hindi rin naman niya naintindihan.

Naalala niya rin iyong isang pagkakataon na nakipag-inuman si Brian sa mga kaibigan at bigla siyang tinawagan nang madaling araw.

*Naalimpungatan si Melody dahil sa ringtone niyang walang tigil sa pagtunog. Nagising siya nang tuluyan nang makita ang caller. Sinagot niya iyon.*

*“Hello, Brian?” untag niya. Napatayo siya at binuksan ang pinto ng kuwarto. Wala pa ang lalaki sa hard-fa nito. “Asaan ka?”*

*“Mel...” Kaiba ang boses nito, medyo nabubulol.*

*“Lasing ka ba? Asan ka?”*

*“Nandito ako sa Shaw. Nag-inuman kami ng mga kabanda ko.”*

*Medyo nataranta siya. “Ano? Gusto mong sunduin kita?” Napaisip siya kung paano makakarating sa lugar na iyon. Alas dos na ayon sa relo niya. Magkano ba aabutin kung magta-taxi siya papunta doon? Sh\*t na lalaki ’to.*

*Tumawa ito nang mahina. At mukha lang siyang tanga dahil naseksihan siya sa tunog niyon.*

*“Ang sweet mo naman. Kaya gustung-gusto kita eh.”*

*Kumabog nang mas malakas ang kanyang dibdib; pero wala na iyong kinalaman sa nerbyos niya para rito dahil sa paglalasing nito.*

*“Paano ka uuwi? May maghahatid ba sa ’yo dito?” pag-iiba niya ng paksa.*

*“Oy, nadinig mo ba ’yung sinabi ko?” untag nito na nagsa-slur pa din ang pagbigkas. “Sabi ko gusto*

*kita. I like you. Me gusta usted. Paano ba 'yun sabihin sa French, di ko alam eh.” Tumawa ito at kinalma niya ang sarili. Lasing lang si Brian kaya kung ano ang sinasabi.*

*“I like you, gusto kita, Mel!” sigaw nito. “Ako ba hindi mo gusto?”*

*Huminga siya nang malalim. “Lasing na lasing ka na nga, magpahatid ka sa bandmate mo. O kaya makitulog ka na lang muna sa isa sa kanila.”*

*Pumalatak ito. “Hindi mo naman ako sinagot, eh.” Nagmura ito. “Tinatanong ko kung gusto mo ba ako.”*

*“G-gusto siyempre,” turan niya agad. “Gusto kita, kaibigan kita eh.”*

*Sandali itong natahimik bago muling nagmura. “Matulog ka na nga. Makikitulog na lang ako kina Don.”*

*Bago pa siya nakasagot, wala na ito sa kabilang linya. Halos hindi na siya nakatulog ulit. Namalayan na lang ni Melody, umaga na at kailangan na niyang maghanda para sa pagpasok sa eskuwela.*

*Papaalis na siya ng bahay nang dumating si Brian sa bahay. Mukha naman itong maayos, maliban sa parang antok na antok. Nagpaalam na siya at piniling ipagwalang-bahala ang mga sinabi nito sa kanya sa telepono nang madaling araw na iyon.*

*Malay ba niyang seryoso pala ito noon? Malay*

ba niyang hindi lang pala friendship ang rason kaya ito mabait sa kanya?

At hayun na naman si Mel; napuno ng lungkot at panghihinayang dahil hinayaan niya itong mawala sa kanya. Siguro masaya na sila ngayon kung—

Pero bago pa siya lukubin nang husto ng mga emosyong iyon, minabuti niyang magpanggap na hindi nasasaktan.

“Ano nga pangalan n’ung babaeng iniiyakan mo n’un?” biro ni Melody, tinutukoy iyong gabing nag-inuman sila sa bahay.

Wala naman itong sinabi noon; hinulaan niya lang na heartbroken ito dahil nga bigla itong nag-aya ng inuman at nag-iiyak nang malasing.

Tumawa si Brian. “Di ko na maalala.” Inabot nito sa kanya ang isang cup ng noodles at maliit na spork na kasama niyon. “O, kumain ka muna. Pasensya na, mukhang ‘nostalgia’ talaga ang tema ng trip natin ngayon. Wala silang ibang tinda sa ibaba, eh.”

“Okay lang. Thanks.” Tinanggap niya iyon kahit napangiti. Dahil nga wala silang pera, pulos ganito ang pagkain nila noong college.

Nagkumustahan pa sila nang minsan habang kumakain at umiinom ng beer. Pero sandali silang napahinto nang may tumawag kay Brian. Tahimik lang siyang uminom habang naririnig ang one-sided

na pakikipag-usap nito sa nasa kabilang linya.

“Hindi ko pa alam kung anong oras, eh. May bagyo din kasi dito sa San Mateo. Kung makakasakay ako bukas ng bus, baka around eleven. Pero ewan ko rin. Tatawag na lang ako kapag nasa amin na ako,” anito saka tumawa nang masigla. “Neknek mo.” Napatingin ito sa kanya. “Ey, K, naalala mo pa ba si Mel?”

K. Isang babae ang kilala niyang tinatawag nito nang ganoon; si Cassidy, iyong girlfriend ni Brian noong college. Eight months ding magnobyong mga ito pero biglang-biglang naghiwalay. Nahihiya naman siyang magtanong sa lalaki kung bakit.

Sila na ba ulit? At di kaya ito rin iyong iniyakan ng kaibigan noon?

Tumawa si Brian. “Selos ka naman, hehe. Siya nga! Kasama ko siya ngayon. Nagkataong pareho kami ng nasakyang bus, eh. Gusto mong makausap?”

Kinabahan si Melody. Naalala niya ang hitsura ng babae—sophisticated, well madeup ang mukha, mamahalin ang mga damit, halatang may pera—at nilamon siya ng insecurity.

“Okay. Sige, tulog ka na,” anang lalaki at medyo nakahinga siya nang maluwag. “Sweet dreams, K, ’night.”

Ipinatong nito ang phone sa dresser.

“Ganun lang? Wala man lang ‘I love you?’” tukso niya, para isawalang-bahala ang kung anong emosyon na bumabangon sa puso niya.

Ngumiti lang si Brian, at parang umantak ang puso niya. Naiinggit siya kay Cassidy, at gusto niyang tutuktukan ang sarili dahil naaalala na naman niya kung paano niya sinayang ang feelings ni Brian sa kanya noon. Kung binigyan niya ito ng chance noon baka...

“Di mo pa nabanggit kung may asawa ka na ba,” untag nito na pumutol sa dinadaloy ng imahinasyon niya.

“Single pa, pero ayaw kong pag-usapan,” ani Melody.

Tumaas ang kilay ng kausap. “Wow, may pagsusungit. Na-curious tuloy ako lalo.” Nang-aasar ang ngisi nito kaya pinalo niya ito ng unan.

“Doon ka na ba sa San Felipe magi-stay?” tanong nito mayamaya. Hindi siya agad sumagot kaya itinaas nito ang isang paa at marahang sinipa ang binti niyang nakalawit sa kama. “Oy. Magkukuwento ka ba o ano?”

Niyuko niya ang hawak na bote ng paubos nang beer para hindi niya kailanganing tingnan sa mukha si Brian. “Nag-resign ako sa work ko. Sa atin na lang ako maghahanap ng trabaho kasi may sakit si

Nanay eh.”

Kumunot ang noo nito. “Ano’ng sakit?”

“Diabetes Type A,” bigkas niya.

“Oh,” anito. “Eh ang tatay mo, naka-recover na ba sa stroke niya noon?”

Umiling ang dalaga. “Bed-ridden na lang siya ngayon. Na-stroke kasi ulit siya last year.”

Natahimik si Brian. May simpatya sa mga ekspresyon ng mukha nito.

“Eh ang mga kuya mo, kumusta?” tanong ng lalaki.

“Ayun, si Kuya Igme, hiwalay na sa asawa. Nandun kay Ate Maggy ’yung dalawang anak nila. Paekstra-ekstra lang siya sa trabaho at madalas kina Tatay pa nakikikain. Si Kuya Boy, mas okay. Nagsasaka siya at nakakaraos naman sila ng pamilya niya. Ang lalaki na ng mga pamangkin ko. Tingnan mo.” Inilabas niya ang cellphone at binuksan ang *FB* account ng isang kapatid.

Hindi kumibo ang kausap sa loob ng ilang minuto habang pinagmamasdan ang mga larawan. Ramdam ni Melody, nalulungkot ito para sa kanya. Alam kasi nito ang pangarap niya noon pa. At parang ilang planeta ang layo niya roon mula sa kinalalagyan niya ngayon.

“At least, magkakasama na kayo ngayon. Mahirap

pag malayo sa pamilya,” sambit nito mayamaya.

Sa kung anong dahilan, nangilid ang luha ng babae. Gaya ng palagi nitong reaksyon, lumapit agad si Brian, itinabi ang hawak niya at kinipkip siya sa dibdib nito.

“Ngayon lang ako uuwi,” mahinang amin niya.

“Since when?”

“Mula pa noong lumuwas ako para mag-college.”

“Bakit?” litong tanong ng lalaki.

“Kasi tanga-tanga ’ko.” Napaiyak na siya nang tuluyan.

Pitong taon. Pitong taon siyang mag-isa sa Maynila, nakikipagsapalaran, nagpapakahirap sa pagtatrabaho para may maipadala sa probinsya. Pinili niyang ipunin na lang ang ipapamasahe niya para nga sana makapag-abroad siya at mas magandang buhay ang maibigay niya sa pamilya niya, pagkatapos, sa illegal recruiter lang pala mapupunta ang mga pinaghirapan niya.

Sa paputol-putol na mga salita, nagawa naman niya iyong ikuwento. Walang sinabi si Brian, hinayaan lang siyang maglabas ng hinanakit. Siguro dahil medyo nakainom, nawala nang kaunti ang reservations niya.

Mayamaya rin ay nakalma na rin si Melody. Nakahiga na sila pareho sa kama, magkadikit pa din.



Nakaunan siya sa dibdib nito. Hinaplos ni Brian ang buhok niya at saka mahinang kumanta.

Ngumiti siya kahit naiiyak ulit. ‘*Your Song*’ ang title ng kantang iyon. It was a beautiful song about a chinky-eyed girl who put colors to the singer’s otherwise monochrome world. Kung ni-release iyon sa market, siguro naging hit iyon dahil bukod sa touching ang lyrics, nakakalma rin ang melody.

Pero ginawa iyon ng binata para sa kanya at pinangako nito na siya lang ang puwedeng makarinig niyon. At ngayon, iyon pa rin ang lullabye niya.

Tumulo ang luha ni Melody. Bakit ba ang tanga niya dati? Bakit siya umiwas? Bakit ba hindi na lang niya ito hinayaang mahalina siya noon?

Gusto niyang tuktukan ang sarili.



Pinagmasdan ni Brian ang natutulog na dalaga. Dapat lumipat na siya sa kuwarto niya pero mamaya-maya na lang siguro. Kukuhanin lang niya ang pagkakataong ito para mapagmasdan ang dati niyang best friend.

Melody had always been a beautiful mystery to him. Masyado itong tahimik, reserved at parang laging hulog sa sariling iniisip. He noticed she liked looking outside her room’s window, lalo na kapag maulan. Minsan parang suplada rin ang dating nito

sa kanya.

He used to think wala itong concern sa kanya. Masyado itong absorbed sa sarili nitong mundo at mga ambisyon para magkaroon ng pakialam sa buhay niya. Pero isang araw, nagising siyang sobrang sama ng pakiramdam.

*“Di ka pa ba babangon? Kanina pa tunog nang tunog ’yung alarm mo,” sabi nito matapos siyang magising sa tapik nito sa braso niya.*

*Pilit niyang ibinuka ang mga mata, pero nahilo siya at agad din siyang pumikit. “Parang di ako makakapasok. Ang sama ng pakiramdam ko.”*

*“Iba ang boses mo.” Kinapa ni Melody ang noo niya. “Sh\*t, ang taas ng lagnat mo.”*

*Napansin niyang para itong nataranta. Dumilat siya at nakitang naghahalungkat na ito ng kung ano sa kusina nila.*

*“Nakagat ka ba ng lamok? Baka naulanan ka kagabi,” dere-derechong anito. “Kasi naman, sobrang pahirap naman ’yung ginagawa mo sa sarili mo. Tama ba naman ’yung dalawa hanggang tatlo ang trabaho mo? Nag-aaral ka pa. Abuso na ’yan.”*

*For some reason, napangiti si Brian. Ang cute pala ng tunog ni Melody pag nagna-nag. Bumalik ito na may dalang palangganitang may tubig saka face towel. Ibinaba nito ang mga iyon sa mesita bago siya*

*inalalayang bumangon paupo.*

*“Kaya mo bang punasan ang sarili mo? Ipagluluto lang kita ng noodles para makakain ka bago makainom ng gamot.”*

*This was the closest she had ever been to him, and he could not help feeling overwhelmed by her. Ang ganda nito lalo sa malapitan, parang walang pores ang mukha at ang bango pa. Ang sweet din nito para alagaan siya nang ganito.*

*Tumango lang si Brian. Parang kaya na niyang i-endure ang sakit ng ulo at mga kasu-kasuan kung ganito naman ang kapalit.*

*Inilapit nito ang mesita sa papag na tinutulugan niya para mas madali niyang maabot. Pagkatapos, tumalikod na ito at nagsalang ng kalderong may tubig para sa noodles niya. Mayamaya, nilingon siya nito at nakitang nakatulala lang siya rito.*

*Nagsalubong ang mga kilay ng dalaga. “Bakit di ka pa nagpupunas? Di mo ba kaya?”*

*“Ah—”*

*“Ano ka ba naman,” anito saka lumapit at inilublob ang face towel sa tubig saka maingat na piniga para di magkalat ang tubig. Bago pa siya nakaimik, ipinupunas na nito ang tuwalya sa mukha niya. “Dapat masermunan ka ng nanay mo, eh. Sobra kang abuso sa sarili mong katawan.”*

*May tuwang sumusulpot sa dibdib niya, at bumilis din ang tibok ng kanyang puso. Goodness, hindi niya akalaing masarap palang magkasakit habang malayo siya sa pamilya niya.*

*Pero natauhan din siya at tinamaan ng hiya nang braso na niya ang pinupunasan nito at sa kung anong dahilan, parang lalong uminit ang pakiramdam niya. “Ako na. Thank you, ah.”*

*Sandali pa siya nitong pinanood parang sinisiguro kung talaga bang kaya niya iyong gawin, bago siya iniwan. “Sige, baka kumukulo na nga ’yung tubig para sa noodles.”*

*Halos subuan siya nito nang maluto iyon at inalalayan din siyang uminom ng gamot.*

*“Wala ka bang pasok ngayon?” tanong niya mayamaya. Mag-a-alas nueve na rin kasi ng umaga.*

*“Hayaan mo na, boring naman ’yung subject. A-absent muna ako ngayon,” anito saka parang walang anuman na idinugtong, “Sasamahan kita diyan sa clinic sa malapit, kaya mo bang magbihis mag-isa?”*

*Medyo nawindang siya na a-absent ang gaya nito na sobrang studious dahil sa scholarship na iniingatan, para lang samahan siyang magpa-check up. Hindi niya tuloy na-gets agad ang huling bahagi ng sinabi nito.*

*Hanggang sa tumayo ito at lumapit sa damitan niya at namili roon ng damit.*

*Sh\*t, nakakahiya kung may makita ito roon na di kaaya-aya. Tumayo si Brian at lumapit dito kahit medyo hilo pa. “Ako na.” Susko, nahihiya na talaga siya.*

*“Sige, magbibihis lang din ako.” Tumulikod ito at pumasok sa kuwarto.*

*Napakapit siya sa edge ng kanyang plastic cabinet. Hindi niya alam kung nahihilo ba siya dahil sa trangkaso o dahil sa mga ginagawa ni Melody na sobrang layo sa nakilala niyang ugali nitong nakalipas na mga buwan.*

*Pinilit niyang maghilamos, mag-toothbrush at magbihis mag-isa at nagawa naman niya; matagal nga lang. Hinihintay na siya ni Melody paglabas niya ng banyo.*

*“Tara,” aya nito pagkatapos ay lumapit para iakbay sa sariling balikat ang braso niya.*

*Nagulat si Brian, pero hindi na umalma. Nahihilo pa naman talaga siya. Dinampot niya ang wallet niya sa papag na tinulugan at magkasama nilang nilakad ang daan patungo sa clinic sa malapit.*

*Naalala ni Brian, napagkamalan pa silang mag-boyfriend ng doctor. Pagkatapos, sinamahan pa siya nitong bumili ng gamot. Balak pa nga nitong bayaran*

iyon kung di lang niya sinaway. Sobra na kung ito pa ang bibili ng gamot niya.

Right then and there, she was no longer a stranger to him. Na-realize ni Brian, mabait naman pala si Melody. Siguro mahiyain lang talaga sa una.

Iyon nga lang, nabago ang lahat dahil sa kagagawan niya. Kung bakit kasi hindi na lang niya kinimkim habang buhay iyong damdamin niya para rito. Sana hindi ito umiwas pagkatapos. Mas masaya siguro ang buhay niya kung nanatili na lang sila bilang mag-best friend.

Bumuntong-hininga siya. Wala namang kuwentang pag-isipan pa ang mga 'what if's' dahil hindi na mababago ang nangyari. Ang puwede na lang niyang gawin, ayusin iyong ngayon.

Puwede pa rin kaya silang bumalik sa dati? Parang hesitant si Melody kung pagbabasehan ang mga kilos nito. Pero pipilitin niyang gawan iyon ng paraan.

Nakatulugan na niya ang pag-iisip ng mga puwede niyang gawin para hindi na ito makaiwas sa kanya.